# PHILIPPINE DEPOSIT INSURANCE CORPORATION

## PAUNAWA PARA SA MGA DEPOSITOR NG NAGSARANG

### COUNTRYSIDE COOPERATIVE RURAL BANK OF BATANGAS | RURAL BANK OF BAROTAC VIEJO (ILOILO), INC. RURAL BANK OF GOA (CAMARINES SUR), INC. | RURAL BANK OF RAGAY (CAMARINES SUR), INC. AT RURAL BANK OF ILIGAN CITY (LANAO DEL NORTE), INC.

Bilang Deposit Insurer, nagbabayad ang Philippine Deposit Insurance Corporation (PDIC) ng deposit insurance sa mga insured deposits. Binabayaran ang mga insured deposits na sakop ng “early payment” sa pamamagitan ng Postal Money Order check (“tseke”) na ini-isyu ng Philippine Postal Corporation (Philpost).

Simula Hulyo 1, 2017, nagpatupad ng bagong clearing process para sa mga tseke ang Bangko Sentral ng Pilipinas (BSP) at ang Philippine Clearing House Corporation (PCHC). Hindi na alinsunod sa bagong clearing process na ito ang mga tseke na nauna nang ni-release ng mga post offices sa mga depositor ng mga nabanggit na bangko.

Kung nakatanggap ng mga tsekeng ito, gawin ang alinman sa mga sumusunod:

1. Dalhin ang tseke sa kahit saang sangay ng Land Bank of the Philippines para (a) ma-encash ito (para sa tseke na nagkakahalaga ng hindi lalagpas sa PHP15,000), o (b) ma-deposito (para sa tseke na nagkakahalaga ng higit sa PHP15,000); **O**

2. Ibalik ang tseke para mapalitan ng bago. Maaaring ibalik ang tseke sa pamamagitan ng alinman sa mga sumusunod:

2.1. Personal na isauli/ibalik sa post office na nag-release nito

**O**

2.2. Personal na isauli/ibalik sa PDIC Public Assistance Center, 3rd Floor, SSS Building, 6782 Ayala Avenue corner V.A. Rufino St., Makati City

**O**

2.3. Ipadala sa pamamagitan ng sulat/courier service sa Public Assistance Department, PDIC, 6th Floor, SSS Building, 6782 Ayala Avenue corner V.A. Rufino St., Makati City 1226

Ipapadala ang kapalit na tseke sa address ng depositor ayon sa record ng bangko. Kung sakaling may pagbabago sa address, dapat na mag-file ng deposit insurance claim ang depositor. Bisitahin ang PDIC website, ***www.pdic.gov.ph***, para sa proseso.

Para sa karagdagang impormasyon o katanungan, makipag-ugnayan sa:


**PDIC Public Assistance Department**

Tel Nos.: +632 841-4630 / 841-4631
Toll-free: 1-800-1-888-7342 or 1-800-1-888-PDIC
(para sa mga depositor sa labas ng Metro Manila)

Email : pad@pdic.gov.ph

**PDIC Public Assistance Center**

3rd Floor, SSS Building, 6782 Ayala Avenue corner V.A. Rufino St., Makati City